

Prologue

“You have got to be kidding me!”

Sa lakas ng boses ni Brittany ay napalingson sa kanilang apat na magkakaibigan ang lahat ng tao sa coffee shop. But then, the hell she cared. May mas malaking problema si Callie para pagtuunan pa ng pansin ang mga taong iyon. At bilang tugon sa sinabing iyon ni Brittany, bumuntong-hininga siya.

Hindi siya nagbibiro, totoo ang balitang pinasabog niya na balak siyang ipakasal ng mga magulang niya kay Ethan— ang kanyang most hated enemy ever.

“How did that happen?” tanong ni Jane.

“I don’t know how.” Sumimsim siya ng frappe. “The only thing I know is that I freaking hate this.”

Ni wala pa siyang dalawang araw na nakakauwi sa Pilipinas mula sa matagal niyang pagkakatapon sa Australia, bakit kailangang problema kaagad ang sumalubong sa kanya? It was hardly a warm welcome.

Excited na excited pa ang mommy niya sa pagsasabi sa kanyang napagkasunduan nito at ng Daddy niya kasama ng mga magulang ni Ethan na ipakasal silang dalawa. It was as if she would be happy about it. Ni hindi nga siya makapaniwala na isa

ang Daddy niya sa mga pioneers ng kalokohang iyon. Ngunit base sa nakita niya, mukhang desidido itong ipagpilitan sa kanya ang kasal.

Ipinagdidinaan nitong hindi niya kayang patakbuhan ang pinakamamahala nitong negosyo, ang Well Mart Corporation. Ang sabi nito ay kailangan niyang makapangasawa ng isang taong magiging dedicated sa pamamahala sa Well Mart. And Ethan was his greatest bet.

Nakakainis ang ideyang ang magiging dahilan ng kanyang pagpapakasal ay dahil lang sa takot ng Daddy niya na hindi mapamahalaan nang maayos ang korporasyon nito. Higit sa lahat, bakit si Ethan pa ang napili nito? Truth is, baka pumayag pa siyang magpakasal kahit kanino ngunit hindi kailanman dito.

“And what did Ethan say?” natatawang tanong ni Peachie.

She rolled her eyes. “This is a no laughing matter, Peach.”

Sa pagkakaalam niya, hindi pa alam ni Ethan ang masamang balakin ng kanilang mga magulang. Sa totoo lang, aksidente lang na nalaman niya kanina ang lahat. Masyado kasing excited ang kanyang Mommy kaya nadulas ito at nasabi sa kanya. Supposedly, ia-announce iyon over a scheduled dinner.

Naghisterya ang buong sistema ni Callie nang malaman ang balitang iyon. Ginawa niya ang lahat upang kumbinsihin ang mga magulang na itigil ng mga ito ang kalokohang iyon. Hindi siya nanalo kaya nag-walk out siya at heto, kasama niya ngayon

sa coffee shop ang mga kaibigan niya.

“It’s funny. I can’t even imagine the two of you being civil with each other kapag nakatalikod ang parents n’yo. So...”
Pilyang ngumiti si Peachie. “ If you two would get married, how would you do S-E-X?”

Tumawa sina Brittany at Jane. And for the second time, she rolled her eyes.

“But come to think of it, your Mom is bestfriends with Ethan’s Mom. Plus your Dad adores him so much. Bata pa lang kayo, gusto ka na rin ng parents niya. Dapat noon pa lang, nagkaroon ka na ng clue na puwedeng mangyari ’to,” seryosong wika ni Peachie.

Bakit niya naman iisiping ikakasal siya sa taong kinaiinisan niya? Ni sa hinagap ay hindi iyon sumagi sa isip niya. Subalit totoo ang lahat ng sinabi ni Peachie, malaki ang kaugnayan ng mundo niya at ni Ethan. In fact, sabay silang lumaki. Gayunpaman ay hindi sila naging magkaibigan ni minsan. They grew up hating each other.

At ngayon, mukhang naglalaro ang tadhana...

Chapter One

Several years ago...

“You have got to be kidding me...”

Isang ngiti ang itinugon ni Callie sa turan na iyon ni Brittany. Gaya nito ay masyado ring mesmerized sina Jane at Peachie na nakatingin lang sa kanya, partikular sa kanyang McQueen bag.

Hindi na ganoon ka-big deal sa kanilang magkakaibigan ang mga signed bags, shoes or dress. The four of them were so used into those, kahit pa ngayong mga teenagers pa lang sila. Ngunit ang kanyang McQueen bag ngayon ay big deal. It was customized exclusively for her and she had her beautiful name on it.

It's worth a fortune.

“How did you have that?” tanong ni Jane.

“Well, you need to have a straight A plus in all of the exams and,” hinawi niya ang kanyang magandang buhok na palaging may malaking ribbon, “your name has got to be ‘Callie’ and be exactly like me.”

But then, Callie Antoinette Zoleta is one of a kind. Bilang nag-iisang anak ng former beauty queen at business tycoon, siya

ang depinisyon ng isang A-list socialite. Her life is perfect. She is well loved by the people around her. She is showered with all the material things that she needed and wanted.

And to top it all, she herself is perfect. At fifteen, her gorgeousness is starting to bloom. Matalino din siya, kaya naman taun-taon siyang nanalo bilang campus queen. Everyone is looking up to her and wants to be like her. Alam niya iyon dahil sa kanilang eskuwelahan ay marami ang gumagaya sa fashion style niya. She's an icon and a trendsetter.

"I want to have that kind of bag with my pretty name on it," saad ni Peachie.

"Me too," ani Jane.

"And me, too!" Nagtaas pa ng kamay si Brittany.

Oh well, having what they wanted has always been so easy for the elites.



"Oh, my gosh! Are you blind?" bulalas ni Callie.

Inuna niya munang ayusin mula sa pagkakatabingi ang malaking pink ribbon sa kanyang buhok bago pagtuunan ng pansin ang taong bumunggo sa kanya. At nang makita niya kung sino iyon ay kusang tumaas ang isa niyang kilay. It was Leila, her ultimate enemy.

The Callie life may be the finest. Ngunit may isang gaya ni

Leila na laging sinisira ang araw niya. Last year lang ito nag-transfer sa kanilang school subalit mabilis itong nakagawa ng pangalan at nakilala. Bukod sa maganda ay napakatalino nito. Nang dumating ito ay nagkaroon siya ng kakumpetensya sa halos lahat ng bagay. Kung noon ay nag-iisa siyang top one sa kanilang klase, ngayon ay dalawa na sila. At dahil Alfonso ang apelyido nito at Zoleta ang sa kanya ay ito ang nauuna sa listahan kahit pa pareho lang sila ng average. It was hellish. Lalo pa't lagi nito iyong ipinamumukha sa kanya.

At sa totoo lang ay ito naman ang nag-umpisa ng kanilang away. Kahit pa noon pa mang una niya itong makita ay naiirita na siya rito, pinili niya pa ring magpaka-good girl. She set aside her attitude.

Subalit nang kumandidata rin ito sa pagiging campus queen at sa halip ay siya muli ang kinoronahan, may nagpakalat ng balitang dinaya ang resulta ng contest. Sa unang pagkakataon ay kinuwestyon ang kanyang pagkakapanalo. She did not like that feeling. Lalo pa't hindi totoong nandaya siya. At nang malaman niyang si Leila mismo ang nagpakalat ng balitang iyon ay kinagalitan niya ito.

In the first place, hindi niya ito ka-level para siraan siya nito nang ganoon. She's nothing but a trying hard social climber.

“I'm not blind, Callie, tatanga-tanga ka lang kasi.”

Nang mga sandaling iyon ay gusto niyang hilain ang buhok

nito. Ganoon ito, pinagsasalitaan siya kapag silang dalawa lang. Pero siya, ipinapakita niya sa lahat kung gaano siya kagalit dito. She would say mean things about her simply because it was all true. Tuloy ay nagmumukha siyang masama at ito ang kawawa. Pero wala siyang pakialam dahil hindi alam ng lahat ang tunay na kulay ni Leila. She was so sly. And even much more disgusting than the ampalaya shake that her Mom had always forced her to take.

“Funny how you call me stupid when I’ve got A plus on all of our exams while you’ve got all but B, as in average. At ngayong taon, I am telling you na ako na ulit ang magta-top sa klase, regardless of surnames arranged alphabetically.”

“First grading pa lang. See how you’ll bite the dust in the end,” kampante nitong pahayag.

Ngumiti pa ito na animo ay walang tensyon na namamagitan sa kanila. Sa malayo ay para nga silang kaswal na nag-uusap. Subalit sa katotohanan ay masyado nang kumukulo ang kanyang dugo rito.

But she had to maintain her poise. She was raised by a queen. Hinding-hindi siya magpapatalo rito.

“You will bite the dust, Leila.” Nagpaskil siya ng isang matamis na ngiti sa kanyang labi. “And anyway, my Mom will throw a party this weekend.”

“So?”

“All of our classmates are invited. Except you.”

“Do you think may pakialam ako?”

“Come on, alam ng lahat kung gaano ka-big deal ang Zoleta gatherings. If you’re not invited, you’re not in. And you will never be, Leila. Ever.”

Hindi ito nakapagsalita. For her, it was victory. Exclusive ang kanilang school para sa mga kilalang pamilya. It was a society of rich kids, those who belong to the cream of the crop. At hindi kabilang doon si Leila, ni hindi kilala ang pamilya nito. She was just one of those strivers who want to be in the scene of elites.

Ngunit kahit kailan ay hinding-hindi makakabilang ang gaya nito sa kanilang mundo.

“Then, I will personally invite her.”

Sabay silang napalingon ni Leila sa nagsalita.

Ethan! She rolled her eyes.

Kapantay ito ni Leila sa hate list niya. Parehong top one. Bata pa lang ay hindi na sila magkasundo nito, to think na sabay silang lumaki dahil sa iisang subdivision lang sila nakatira at higit sa lahat ay bestfriends ang mommy niya at ang Mommy Mildred nito. Subalit sa tuwing magkikita sila ay lagi silang nag-aaway.

Sa kung anong dahilan ay sadyang kinaiinisan niya ito

at ganoon din ito sa kanya. Noong bata pa sila ay ito ang nagsusumbong sa Mommy niya tuwing tumatakas siya sa kanyang afternoon nap. Siya naman ang unang nagsusumbong kay Mommy Mildred sa tuwing may ginagawa itong kalokohan.

Minsan niya nang naitanong kung bakit hindi na lang ito maging kasing-bait ng Mommy nito. Gustung-gusto niya si Mommy Mildred dahil bukod sa napakabait nito sa kanya ay lagi pa siya nitong ipinagbe-bake ng paborito niyang tart. Pati ang Daddy Ricardo nito ay mabait sa kanya.

Sa kabilang banda ay gustung-gusto rin ng Mommy at Daddy niya si Ethan. Bilib na bilib ang mga ito sa lalaki, palibhasa ay pakitang gilas ito. Kahit sa kanilang campus ay undisputed ang reputasyon nito. He's the student council's president and undoubtedly, his batch's valedictorian. Kaya nga punong-puno ito ng ere.

His Dad would often say, *"If I were to have a son, I'd want him to be exactly like Ethan."*

It was as if he's the only one who can do what he's doing.

Talagang naiinis siya rito. Kung alam lang ng parents nila kung paano sila mag-away sa likod ng mga ito. Hanggang sa tumuntong sila sa high school ay hindi nawala ang inis nila sa isa't isa. Bagkus ay lalo pa iyong nadagdagan dahil kay Leila.

Hindi lingid sa kanya na gusto nito ang babae kahit pa noong una. Isa ito sa mga nalilinlang ni Leila at napapabilib.

Kaya't palagi itong nandoon para ipagtanggol ang babae at awayin siya. Kay hilig talaga nitong umeksena at magpasikat.

“You shouldn’t be here,” saad niya dito.

Higher ito sa kanila ng isang taon kaya wala itong dahilan upang mapadpad sa building ng mga third year.

Hindi nito pinansin ang sinabi niya. “What are you doing, Callie? Bakit ba lagi mo na lang pinagdidiskitahan si Leila?”

“I hate her,” simpleng tugon niya. “At ikaw din. And you can’t invite her to the party.”

“It’s just a simple favor that I have to ask to Daddy Carlos and Mommy Ellie,” tukoy nito sa parents niya. Kampante ito dahil alam ng lalaki na madali itong mapagbibigyan.

That fact annoyed the hell out of her.

“Ethan, ’wag na. Okay lang naman, eh,” parang santa naman na sabi ni Leila.

There she goes, ipinapakita na naman nitong ito ang kawawa.

“She’s right, Ethan, ’wag na. She doesn’t belong there. Saka ko na lang siya ii-invite kapag nag-organize si Mommy ng charitable party for the less fortunates na social climber.”

“Callie, ano ba?!”

Hindi niya pinansin si Ethan at sa halip ay iniwan niya ang mga ito. Nang muli niyang lingunin ang mga ito ay nakita

niya kung paanong hinawakan ng lalaki ang kamay ni Leila at masuyong pinisil iyon. She rolled her eyes.

They both looked stupid.



Nang dumating si Ethan ay nagkakasiyahan na ang mga tao sa bulwagan ng mansion ng mga Zoleta. Isang social gathering ang ginaganap doon ngayon at talaga namang naglalakihan at importanteng mga tao ang naroon. Patunay niyon ang mga nagkalat na press at nagkikislapang mga camera. Everyone and everything in the party seemed to shine in glamour.

Nasanay na siya sa mga ganoong uri ng pagtitipon dahil kasama ang kanyang pamilya sa listahan ng mga umiikot ang mundo sa karangyaan.

Inilibot niya ang kanyang paningin, saka siya lumapit sa mommy niya na kasama ang bestfriend nitong si Mommy Ellie.

“Hey, Moms.” Nilingon siya ng mga ito.

“Hijo! You look like a prince who jumped out of a fairytale book. You look dashing,” ani Mommy Ellie.

Ngumiti siya. How he loved Mommy Ellie. Pamilya ang turing nito sa kanila at napakabait, pati na rin ng asawa nitong si Daddy Carlos. Kaya nga’t nakapagtataka kung paanong naging anak ng mga ito ang malditang si Callie.

“Thanks, Mommy Ellie. You look great, too,” sagot niya.

Sunod ay bumaling siya sa kanyang ina. “So are you, Mother.”

Humagikhik ito. “I told you, mana s’ya sa Daddy n’ya,” sabi nito sa bestfriend nito. “S’ya nga pala, saan ka pa ba nanggaling at ngayon ka lang?” tanong nito sa kanya.

“May inasikaso lang po akong school matter,” pagsisinungaling niya.

“I see.”

Nanggaling talaga siya kila Leila upang sunduin ito. Gusto niya kasi sana itong makasama at nangako pa siyang hindi aalis sa tabi nito habang nasa party sila. Ngunit ayaw nitong sumama. Ang sabi ng babae, tama si Callie—na hindi ito bagay sa mundong ginagalawan nila. Dinamdandam nito ang lahat ng sinabi ni Callie.

Alam niyang spoiled brat ang kababata subalit hindi niya alam kung bakit pati si Leila ay pinagdidiskitahan nito. Wala namang ginagawa si Leila, sa katotohanan ay napakabait nito. Nakakahanga rin ang taglay nitong ganda at talino.

Oo, tagahanga siya nito. And he wanted her to be his girl, kahit pa noong una niya itong makita na nag-iisa noon sa library. Her angelic face was captivating. Hindi niya pinalampas ang unang araw na nakita niya ito nang hindi ito nakikilala.

He’s in love with Leila. Kaya nga hindi niya nagugustuhan sa tuwing inaaway ito ni Callie.

“Oh, my princess...”

Bumaling ang kanyang atensyon sa tinitingnan ni Mommy Ellie. Palapit sa kanila si Callie, at oo nga, mukha itong prinsesa sa napakagandang damit na suot nito. But she's still the obnoxious spoiled brat that he disliked ever since they were young.

“Hi!” bati ng babae sa Mommy nito at sa kanyang ina.

“Hija, you look stunning.”

“I know, Mommy Mildred.”

Isa pa iyon sa ipinagtataka ni Ethan, bakit ba gustung-gusto ito ng mommy niya?

Tumalikod ito sa kanyang ina at kay Mommy Ellie saka humarap sa kanya.

“Hi, Ethan!” Nagpaskil ito ng isang matamis na ngiti. Subalit kasunod niyon ay ang pagme-make face sa kanya.

He was itching to do the same. Iyon nga lang ay makikita siya ng mga mommy nila.

“Mommy Ellie, puwede ko po bang hiramín si Callie? May sasabihin lang po ako.”

“Sure, hijo.”

“Salamat po.”

Hinawakan niya si Callie sa kamay at hinila. “Ouch! I’m wearing three-inch pointed heels so you should at least try to be compassionate.”

Ngunit sa halip ay lalo niyang nilakasan ang paghila rito. Dinala niya ito sa isang panig ng garden kung saan walang ibang tao.

“Ano ba’ng problema mo?” tanong nito matapos bawiin ang kamay mula sa pagkakahawak niya.

“Gusto kitang kausapin tungkol kay Leila.”

She just rolled her eyes, three hundred and sixty degrees.

“Stop rolling your eyes, mukha kang sinasapian.” Diretso niya itong tiningnan. “Gusto kong mag-sorry ka kay Leila. Hindi mo s’ya dapat tinawag na social climber at less fortunate. Higit sa lahat, gusto kong tigilan mo na s’ya.” Mababakas ang awtoridad sa kanyang tinig.

“Nagsabi lang naman ako ng totoo ah. If telling the truth always has to constitute with saying sorry, then, I’d rather be a liar. Besides, why don’t you tell her na ako ang tigilan n’ya na?”

“Wala s’yang ginagawa sa’yo.”

“Yeah right, she’s a saint.”

Napabuntong-hininga si Ethan. “Why do you hate her?”

Sandali na hindi ito sumagot at nakipagsukatan lang ng tingin sa kanya.

“Because I hate her,” sa wakas ay tugon nito.

Naningkit ang kanyang mga mata, nakakapikon ito. “Bakit ba ganyan ka? Tell her you’re sorry or--”

“Or what? Magsusumbong ka kay Mommy? Ohhh... I’m scared.” Umarte ito na para bang natatakot. Then, she did her habit, rolled her eyes. “Gusto mong mag-sorry ako sa Leila mo? Bakit kaya hindi na lang ikaw ang gumawa n’un? Tatal ikaw naman ang may gusto. You are just the student council’s president , not the king of the world, so don’t make me do things against my will. It’s inhumane.”

Sukat niyon ay iniwan siya nito. The urge to strangle her neck crept into him. Siya pa ang pinagmukha nitong masama? Napabuga siya ng hangin.

She really is a self-centered, oozing with attitude, obnoxious brat.